フィリピノ語版

地域から始めよう！
しずおか防犯まちづくり

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 183

Marso 31, 2021
Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL：054-221-3715

## Mga tampok sa kaligtasan ng bata

## 《Tungkol sa mga panganib sa ating kapaligiran》

Suriin ang mga mapanganib na lugar upang ang iyong anak ay ligtas na makapasok sa eskwelahan at makapaglaro sa parke！！



**Mangyaring suriin ang ruta ng paaralan kasama ang iyong anak！**

### Parke



- Dinadala ng mga kriminal ang mga bata sa ilalim ng mga puno o sa banyo.

⇩

- Huwag maglaro ng mag-isa.
- Huwag humiwalay sa mga kaibigan sa parke.
- Magpasama sa kaibigan kapag pupunta sa banyo.

### Elevator



- Maaaring dukutin ng mga kriminal ang mga bata habang nakasakay sila sa elevator.
- Maaaring daklutin ng kriminal ang kamay ng isang bata na bumababa sa elevator.

⇩

- Huwag sumakay sa elevator kung isang tao lamang na hindi kilala ang kasabay.
- Kapag mag-isa sa elevator at may biglang sumakay na isang hindi kilala, agad na bumaba sa susunod na palapag.
- Tumayo malapit sa  pindutan o nakatalikod sa pader upang makita ang paligid.

### Sa kalye



- Maaaring makipag-usap ang kriminal sa bata at dalhin siya sa iskinita at tagong lugar.

⇩

- Huwag sumunod sa mga hindi kilalang tao.
- Itago o takpan ang pangalan sa mga dalang gamit habang naglalakad papasok o pauwi.
- Lumayo sa mga mapanganib na lugar.
- Kapag nakaramdam na dudukutin, sumigaw at humingi ng tulong.

---

- Tinatawag ng kriminal na nakasakay sa kotse at paglapit ng bata, hinahatak papasok ng kotse.

⇩

- Kapag tinawag ng nakasakay sa kotse, lumayo mula dito ng mahigit sa distansya ng nakabukang kamay.
- Tumakas sa salungat na direksyon ng kotse.

### Pintuan



- Habang binubuksan ang pinto ng bahay, ang isang kriminal ay umatake mula sa likuran at itutulak ang bata papaloob.

⇩

- Suriin ang paligid at kapag nasiguro ang kaligtasan saka buksan ang pinto.
- Huwag lumikha ng mga tagong lugar sa paligid ng bahay

---

- Ang mga kriminal ay nagpapanggap na kolektor o naghahatid ng bagahe sa bahay para mapagbuksan ng pinto at papasok sa loob.

.

⇩

- Huwag buksan ang pinto kahit sino pa man ang kumakatok.
- Huwag ipaalam na wala kasamang matanda sa bahay.

# 《Tungkol sa panganib ng internet》

Ang internet ay isang mahalagang bahagi ng buhay. Gayunpaman, mapanganib ito sapagkat maraming labag sa batas at mapanganib na impormasyon sa internet. Parating tandaan na kailangan ang ibayong pag-iingat sa paggamit nito.



**Countermeasure 1**

## ☆ Gumamit ng pangsala !

### Paglalarawan ng pang-sala

Ito ay isang mekanismo upang maprotektahan ang mga bata sa pamamagitan ng paglilimita sa mababasang impormasyon sa internet.

Palaging gumamit ng pang-sala kapag ang iyong anak ay online ayon sa itinakdang batas..

### Paano gamitin ang pang-sala

Mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng kumpanya kung saan may kontrata ng internet. Maaari ring mag-apply mula sa iyong cellphone o smartphone.



## ★Pagkasunduan kasama ng anak ang mga patakaran sa paggamit ng internet!

**Countermeasure 2**

<u>Halimbawa ng mga panuntunan</u>

・Gumamit ng pangsala!

・Huwag magsulat ng komento na nakakasakit sa kapwa!

・Mag-ingat sa pag-upload ng mga litrato online!

・Huwag magpalabis sa paggamit ng smartphone!

・Mag-ingat na hindi maloko ng pekeng balita at tsismis!

・Sundin ang batas! Kung hindi ka mapakali, mangyaring kumonsulta sa iyong pamilya!